



ILUVLIYA

AN: PLAGIARIAM is a CRIME

This is made by me and bawal mag feeling na gawa niyo!

Pinaghirapan po 'to ni Athor

01

Sabi nga nila kulang ang buhay highschool kung walang kilig sa buhay mo, pero pano ka naman kikiligin kung hindi ka type ng mga lalake sa University niyo, di ba...

Yan ang takbo ng buhay ko sa University namin. Ako nga pala si Elynna Mae R. Sanchez for short Ely and as usual ay balik eskwela na naman kami. Papasok pa lang ako ng room ko ng makita ko si Noemi Anna Y. Montemayor, ang aking super close friend na tulad ko ay hyper din...hmm mas nga lang siya

"Morning!"

"Morning din naman! Kamusta na ang buhay ng isang Noemi?"

"Eto gumaganda pa rin at lalong dumarami ang manliligaw"

Natawa naman kaming dalawa. Pano ba naman kaliwa't kanan ang mga manliligaw niya. di ko rin naman sila masisi kasi super duper ganda ng friend ko. Mayroon kasi siyang dugong aleman at napakatangkad pa. idagdag mo pa ang pleasing personality niya. oh di ba pang Ideal girlfriend!

"wow! Naiingit naman ako!"

At tumawa nanaman kami habang sabay na umupo sa mga proper seats namin. Buti na lang ay magkatabi rin kami. Five minutes bago mag time ay dumating na ang crush ko na si KC o Kenneth Christopher Johnson Mcadam, ang aming resident super kulit na heartthrob at everybody's best friend. Kaya nga sa 'twing tumatakbo sa SGB council yang lalaking yan ay ang pangalan niya ang laging numero uno, kakaiba rin kasi ang charm ng lalaking yun eh...

Pero higit sa lahat mas masaya ako kasi ang crush ko ay seatmate ko rin! *sigh* kinikilig na naman ako...

"Hello! Late ka ata ngayon ahh, di ba lagi kang nandito 10 minutes bago magbell"

"Oo nga eh, ang dami ko kasing ginawa kagabi kaya nalate ako nagising, Sa katunayan nga eh inaantok pa ako hanggang ngayon"

Tumawa pa nga siya eh kaya hayun napablush nanaman ako ng di oras at di rin nagtagal ay pumasok na ang ma'am namin upang simulan na ang klase.

Oo nga pala 4th year students na nga pala kami kaya siguro maiimagine niyo kung gaano kahirap ang buhay namin sa klase, lalo na at lagi kayong may seatwork sa

trigonometry at Physics. Buti na nga lang ay nasa average section kami kasi for sure mas lalong hihirap ang buhay namin sa science class

sigh

Krrringggg!! Yehey... sa wakas recess time na rin! Kailangan ko na talaga ipahinga ang utak ko sa kakatapos naming seatwork sa trigo at physics.

"hoooh...grabe noh ang sakit sa ulo ng trigo at physics tapos binigyan pa tayo ng assignment sa dalawang subject na yun!! As if magagamit talaga natin yun sa real world di ba..."

Di ko tuloy mapigilang magsigh ulit. Tumawa tuloy si Noemi.

"Oo nga eh... paturo na lang tayo kay KC mamayang dismissal o di kaya pag may oras pa tayo sa lunch time"

Sa sinabi ni Noemi bumalik ulit ang lakas ko kaya nga masayang pumunta kaming dalawa sa Canteen. Pagpasok pa lang namin sa loob nadismaya kami kasi ang daming taong nakapila kaya no choice tuloy kami na nakipila rin. Kakapwesto pa lang namin ng biglang bumukas ng malakas ang pinto ng canteen at lahat kami sa loob ay nagulat sa tunog na yun.

Pagtingin ko nakita ko ang mukha ng kinatatakutang tao sa buong campus. Ang resident bad boy na si Benigno Marcos Joaquin Perez.BM ang laging tawag sa kanya. iyon kasi ang kagustuhan niya eh. Minsan nga nung freshman pa lang kami nung tinawag siya ng isang estudyante sa tunay na pangalan niya eh. Nanlaki ang mga mata niya sa galit at pinagsusuntok ang kawawang estudyante kaya simula nun BM na ang tawag ng lahat ng tao sa kanya.

Hmmppp...kasalanan ba namin kong yun yong ipangalan sa kanya. dalawang taong tanyag at magkaaway pa sa mga panahon ng martial law. Pero infairnez cute rin naman pakinggan ang BM eh, yun nga lang masyadong katacute ang nagmamay-ari ng name na yun.

"OMG, andyan na naman yong bagyo!!"

Pabulong lang yun pero di ko mapigilan ang sarili kong tumawa sa sinabi niya. pareho kasi kami ng iniisip eh kaya lang from out of the corner of my eye napansin kong nakatingin pala sa akin si BM. Possible bang narinig niya yong sinabi ni Noemi? Shocks!! Feeling ko mamatay na ako sa ibinigay niyang deadly stare sa akin. Buti na nga lang may tumawag sa kanya at lumabas siya ng canteen. Dun ko lang din napansin na pigil pala ang aking hininga.kaya once again napabuntong hininga nanaman ako....

"Shocks nakita mo yun!!!"

"Yep! Katakot talaga yung BM na yun. Kaya ikaw hah mag-ingat ka na sa typhoon na yun at baka masira pa ang beauty mo"

Pagtapos ay kumuha na kami ng ham and egg sandwich at ice tea sa tray namin at biniyaran sa counter. Nagresume na ang klase pero imbes na makinig ako sa sir namin na nagtuturo ng economics ay lumipad ang isip ko sa sinabi ni Noemi. Beauty ko? Okay lang naman ang mukha ko eh, aaminin ko morena type of beauty ako pero paminsan pagnakatapat sa sinag ng araw o di kaya sa ilaw ay maputi rin namang tingnan.

Di rin naman ako gumagamit ng kung anong pampaganda tulad ni Noemi na araw-araw may blush on at lipgloss. Lagi ring paiba-iba ang hairstyle ng babaeng yun.

nakaponytail lang ako palagi kaya nga naasar pa akong tibo ng mga lalake sa min ehh.

Ang rason ko pagtinanong ako ni Noemi kung ba't di ako nagsasawa sa pagpoponytail ay dahil sa init ng araw. Wala rin akong gaanong burloloy kung di ang aming friendship bracelet na bigay niya nung maging close ko siya ng freshmen pa lang kami. Hindi rin ako masyadong pagirly manamit, gusto kong isuot yung alam kong magiging komportable ako kaya lagi niyo akong makikitang nakajeans(skinny,flare,wide leg na puro mga locally branded), t-shirts(graphics,printed,simple na puro mga locally branded) at tsaka flats kung minsan sneakers hindi ako sanay na nakaheels o kung magheheels man ako mas prefer ko pang magwegde at para sakin simula ng maintroduce ang sneakers laos na ang rubber shoes para sa kin pero meron pa rin akong isa para sa P.E namin at kung nagjajogging kami ng mga kapatid ko.

Which is dalawa lang naman isang kuya na nag-aaral sa MAAPat isang napakatalinong bunsong kapatid na nag-aaral sa Philippine Science highschool.

"Uyy! Ely, ayos ka lang ba? kanina ko pa napapansin na wala ka sa sarili mo ahh"

"Hah?! Ahh...wala lang yung iniisip ko"

"wala lang?! meron ba nun? Anyways pasalamat ka na lang at wala tayong seat work kay sir kanina"

Tumango na lang ako sa sinabi niya. kakatapos lang namin magpalit ng uniform namin na matching white top na ribbon ang kadalasang necktie ng ibang universities at sky blue skirt namin into our white "PE" shirt at sky blue pajamas, Kaya lang hindi ko alam kung bakit pinapayagan ang iba kung kaklase including Noemi na magshorts sa PE namin.

Anywayz papunta na kami ng field para sa aming PE class at bigla ko nga palang naalala na magjajavelin throw nga pala kami ngayong hapon!!! Patay hindi pa naman ako magaling sa mga ganitong bagay lalo na't sa twing ganitong nagpracticum kami.

"nyayayyy...magja-javelin throw pala tayo ngayon!!! For sure hindi nanaman ako makakapasa niyan, patay!"

"ano ka ba Ely, relax ka lang pwede? Makakayanan mo rin ang PE ngayon noh. Madali lang naman ang javelin throw eh, itatapon mo lang yong javelin.Oh di ba, Walang kahirap-hirap"

"ha..ha..ha.. tatawa tawa ka pa diyan! Kaya nga javelin throw yung tawag sa sports na yun atsaka as if kaya kung ihagis ang javelin na yun. Magkabaliktad kasi tayo noh. You're into sports and I'm into books"

"Tumpak!!"

Nagtawanan naman kaming dalawa kaya nga di ko namalayan na nasa field na kami. Napansin ko lang ng nakita ko iyong ibang estudyante na nagtatakbuhan galing sa section papaya.

"Ahh basata gurl, kaya mo yan! Aja to us!"

Napahagikgik pa nga ang gaga. *sigh*

"wow,astig! Kasama pala natin ang section papaya"

Ang corny noh? Pero iyon ang masakit na katotohanan na ang bantot talaga ng section names namin. *sigh* on the other hand galing din pala sa section na yun si BM. Naku! Bigla akong kinilabutan nung nakita ko siya. ikaw ba naman ang bigyan ng nakakamatay niyang tignin! *sigh* erase! Erase! I do not want to remember that stare again. Napapa English tuloy ako!

"Ok! Girls pls. fall in line, mag-stastart na tayo"

Tumalima naman agad kami sa sinabi ni ma'am Chuy. Ang istriktang instructress namin sa PE class. Nagline kami ng paalphabetical at since Sanchez ang apelyido ko at karamihan ng kaklase kong babae ay puro before S ang apelyido ay sa pangatlong pwesto ako sa hulihan ng linya naka line. Ayos lang naman yun sa kin para hindi ako ang maunang mag throw ng javelin atsaka para na rin mapagmasdan ko pa si KC.

Sa 'twing nagP-PE kasi kami ay magkahiwalay ang babae sa lalake. Kaya ang boys namin ay iba ang pinag-aabalahan, naglalaro sila ng soccer at kalaban pala nila ang

boys ng kabilang section. Wow, so section papaya vs. section cherry pala ang drama nila. How I wish na manalo kami sa section nila.

Ibabalik ko na sana ang tingin ko sa mga nangyayari sa amin ng napansin ko si KC na parang batang hinahabol ang bola ng soccer. Ang cute cute nga niyang tingnan eh kasi may pabounce bounce effect pang nalalaman ang hair niya tapos ang saya saya niya pa habang ginagawa yun.

“Ms. Sanchez!! Your turn! Sana naman galingan mo na ngayon dahil lagi ka na lang 75% sa curriculum!”

Ano ba yun, di naman niya kelangan ipagsigawan ang grade ko, so yun pumunta na ako sa gitna at kinuha ko na ang javelin sa kakatapos lang na gumamit nun at with all my might inihagis iyon.

“wow! Ang layo!!!”

Mukhang seneswerte yata ako ngayon ahh. Sisigaw na sana ako ng yes nang napansin kong sobrang layo pala ng pagkahagis ko and to my horror bumgsak iyon sa soccer field at nakita ko ring muntik ng matamaan si BM ng javeline na busy sa pagkikick ng bola sa goal keeper ng section namin.

Narinig kong pumito ang instructor nila para itigil ang laro nila. Kitang kita ko rin ang deadly glare ni BM sa direksyon namin at para hindi niya malaman na ako ang naghagis ng javelin ay agad akong tumalikod at kunwari’y may hinahanap sa mga kaklase ko.

“Ok, sige ms. Sanchez tapos na ang turn mo. Napahanga mo na sana ako kaso nga lang pumalpak ka nanaman. Bueno bibigyan na lang kita ng 80%. Pasesya ka na Sanchez,tataasan ko pa sana kaya lang nakita mo naman ang nangyari di ba?”

Tumango ako habang napapabuntong hininga. Naka ilang ulit naman napapailing si ma’am Chuy dahil sa ginawa ko.

“muntik mo ng mapatay si Perez”

Yun lang at idinismiss niya na ako. Inabutan ko naman si Noemi na halos mauubusan na ng hininga kakatawa sa aming favorite spot sa field kung saan kami laging umoupo.

“Grabe! Ang galing mo gurl ahh!!”

Napasimangot lang ako sa sinabi niya at tumingin na lang sa direksyon ng mga boys kung saan nagresume na ulit sa paglalaro ng soccer. I wonder sino kayang mananalo?

02

Natapos ang klase namin sa mismong pagkapanalo ng section Cherry sa section namin. Kadalasan mayroon pa kaming ValEd class after ng PE namin pero himalang nagkasakit ng Dengue ang prof. namin dun kaya maaga na kaming pinauwi kaya lang hindi pa ako pwedeng sumabay sa mga umuwi na dahil cleaner of the day pa ako, kaya tatapusin ko muna ang paglilinis ng room bago ako uuwi. Isa pa ayaw ko ring tumakas kasi pagtumakas ako ililista ako ng secretary ng classroom at papamultahin pa ng 500 pesos. kaya ba't pa ako tatakas? Malaking sayaaaang!!!

Hindi rin naman kaming sabay umuwi ni Noemi sa kadahilanang taga bayan ako at dalawang kanto lang ang bahay niya sa university. Isa pa may kotse rin siya at nagjijeeep naman ako.

Sa wakas tapos na rin akong maglinis at dalidali ko ng kinuha ang back pack ko at nagbabe na sa mga kacleaner mates ko.

Habang papasakay ako sa loob ng jeep na nakapark sa labas ng gate ng university ay tiningnan ko ang phone ko. Nalaman kong 5:30 na pala. Yes! Ang saya ko naman pala kasi maabutan ko pa ang favorite tv show ko. Again napasigh na naman me. Ewan ko ba siguro napagod ako sa nangyari ngayong araw na 'to. Usually ordinary lang naman palagi ang mga araw ko eh, hindi tulad ngayon na nastress ako sa mga nangyari.

Tsaka ko lang din pala napansin na katabi ko na pala si BM ng pinaandar na ni manong driver ang jeep. Grabe na shock talaga ako ng todo todo!! Buti na nga lang nanatili lang siyang walang imik na nakikinig sa mp3 player niya kaya hindi niya ako napansin.

Kinubakasan busy ang lahat ng tao sa magaganap ng Pop festival. First time kasi magkakaroon ng ganong proyekto ang SGB council panukala kasi yun ni KC kaya gusto niyang maging successful ang panukala niya. naalala ko pa nang idinidiscuss niya pa ang Pop festival. Sa Pop festival magkakaroon ng pacontests sa pagdrawing, pagandahan at pagwapohan, banda, sayawan at kantahan. Higit sa lahat layunin daw nung magbonding ang lahat ng years at marecognize sa akin nilang galing.

"Ely! Sabi daw ni ma'am wala na raw tayong klase sa hapon kasi aasikasohin daw natin yung para sa pop festival"

"ahh, ok"

"yun lang ang reaksiyon mo? Grabe kinakapos ka na ng words hah"

Natawa naman ako at binatukan siya.

"bakit?! May reklamo ka?"

"wala"

"uyy...nagkakatuwaan ata kayo ahh"

OMG! Si KC!

"ha ha ha...eto kasi eh kinakapos na sa mga replies sa akin"

"eh wala kasi ako sa mood ngayon eh. Kaantok kasi wala akong magawa at nung kausapin mo ako tuyo na ang utak ko"

This time nakisabay na siyang tumawa sa amin. Teka nasabi ko ba sa inyo na medyo kahawig ni KC si Kim bum? Minsan kasi pagtumatawa siya sumisingkit ang mata niya at lumalabas ang mga cute niyang dimples! Kaya nga lalo ko siyang naging crush ehh!

"ganun ba?, di tumulong ka na lang mamaya sa kanilang gumawa ng mga pangdecorate. Puro kasi lalake yung mga nakaassign dun para may muse naman sila"

"sure ba!"

"osige mauna na ako mayroon pa akong dapat gawin eh, bye!"

"bye"

"bye!!"

Pagtapos ng pagtatagpong yun ay parang matutunaw na ako sa kilig. Makita ko lang siya eh kompleto na ang araw ko pero sa 'twing tumatawa siya parang feeling ko nasa heaven na ako. Kahit na naghapon na at ang ingay ingay ng paligid ko dahil sa asaran dala ko pa rin yung feeling na matutunaw sa saya. Kaya nga siguro ako ang mas maraming nagawang banderitas dahil siguro sa naging inspiration ko na naman siya

"Ely! Tawag ka ni KC oh"

"hah"

Ininguso ni Noemi ang pinto at nakita ko si KC na nakatayo roon na sa sobrang gwapo ay parang gusto ko na lang tingnan siya habang buhay pero hindi ko pwedeng gawin yun kasi mahahalata nilang crush na crush ko siya. naku, sekretong malupit ko pa naman din yun.

"ahm bakit?"

"Ely, ok lang ba sa'yo na kumanta ka sa pop fest?"

"huh?!"

OMG, sinong kakanta, ako?! OMG talaga!!

"bakit, ayaw mo ba?"

Nanlaki naman ang mga mata ko. Hindi lang ayaw kung di ayaw na ayaw pa kamo

"naku, hindi ah! Kwan ano kasi...ahh wala naman akong katalent talent sa pagkanta eh"

Nagblush naman ako ng bigla siyang tumawa at ginulo ang pagkakaayos ng ponytail ko. OMG! Did he just do that!!!

"bakit mo naman nasabi yun? Di ba nga mahilig kang kumanta pag wala tayong klase at maingay ang room, oh wag mo ng idedeny kasi nakikita ko noh atsaka sabi ni Noemi paborito mong kantahin ang mga pop rock songs na babae yung mga kumanta"

Gulp! Si Noemi talaga oh oh...pano tuloy ako makakatanggi sa kanya niyan?

"Ely, pls! sige na oh"

" hah, ahh...ehh.... marami namang iba dyan ahh"

"gusto ko ikaw eh, lagi na lang kasi the same faces ang kumakanta gusto ko yung may mga may talent naman"

Ano pa nga ba ang magagawa ko? Eh kung ganito kagwapo ba naman ang mamimilit sa akin tatanggi pa ba ako?

"ok sige pag-iisipan ko"

Nagulat naman ako sa naging reaksyon niya ng yakapin niya ako habang naririnig ko ang mga tawa niya. hindi talaga ako makapaniwala na niyayakap niya ako!!

"You do that Ely, hah!! Kukunin ko ang sagot mo next week at sana yes yung sagot mo"

Tumango naman ako sa kanya habang hawak niya ang magkabilang balikat ko.

"sige, naparito lang naman ako para dun eh. Bye!"

"bye din"

Kumaway pa ako nun kahit nakatalikod na siya at patakpong pinuntahan kung saan man siya pupunta. Grabe talaga 'tong araw na 'to! *sigh* hindi ko na mahintay pa na

mag next week pero in the mean time gusto ko nang umuwi at magkulong sa kwarto ko at isulat ang mga nangyari sa journal ko.

sigh

“Ano, sige pa!!! mga wala pala kayong binatang eh! Tapos ang lakas ng loob niyo na magyaya na magsuntukan tayo, hah...”

OMG, ano yun?

“pasalamat kayo yan lang ang inabot niyo sa akin!”

Kay BM galing ang boses na yun ahh....teka sina BM nga at mukhang may naganap atang suntukan. Pansin ko kasing puno ng black eye at bahagyang duguan ang mga mukha ng kausap niya.

Oh-uh...3rd year students pa ata ang pinatulan niya. teka! Nasa loob pa rin sila ng campus ah, di ba bawal ang war sa loob ng University? Hmmpp.. bahala na nga sila sa buhay nila, wala na akong paki kahit dumanak pa ang dugo nila basta ako super duper happy ako ngayun.

“Hoy!! Parang kilala kita ahh!”

Ako ba yun?

“oo tama! ikaw yung naghagis ng javelin na muntik ng bumagsak sa akin!”

Mukhang ako nga yata ang tinutukoy niya. kaya lang bigla ata akong di makagalaw sa pinagtatayuan ko buti na nga lang at nakatalikod ako sa kanya,tapos naramdaman ko na lang na dalawa na lang kami ang tao sa lugar na yun. Gulp... somebody help me!!!

“hoy! Pagkinakausap kita humarap ka sa akin!”

nagulat na lang ako ng hinawakan niya ang braso ko at hinarap niya ako sa kanya. Oh my gulay!! Totoo ba 'tong nakikita ko? Bakit walang nagsabi sa aking gwapo pala si BM sa malapitan at pagtinititigan.

“hoy!! Bingi ka ba? kinakausap kita!”

Pero nakatingin pa rin ako sa kanya parang bigla akong namesmesmerize sa mukha niya. nagulat pa nga ako ng magsnap siya sa harapan ko.

“hah...ahh,ehh kailangan ko na palang umuwi may gagawin pa pala ako sa bahay ehh, sige bab.....”

“teka saan ka pupunta hah..kala mo ba makakalusot ka sa kin?”

Aray ang higpit naman ng pagkahawak niya sakin.

"ano kasi...ahm, uhhh..."

"di ba ikaw yung inaasar nilang tibo?"

"ti..tibo?"

"oo! Wow..tibo ka talaga?"

"hah...ahh..."

Sasabihin ko bang gurlaloo ako? Ang alam ko nagjumbag din siya ng babae ehh kasi lahat ng babaeng nalilink at naghahabol sa kanya ay binubogbog niya. gulp...wag na lang kaya...

"ano ahm, ikaw anong tingin mo?"

"well...the way I look at you....you're...."

Gosh may pasuspense pa 'tong nalalaman. May pa up and down ding tingin na nalalaman.

"parekoy!!"

Ngek! Mukha ba talaga akong tibo? O s'ya s'ya let him think what he wants.

"ok sige...ahm, pwede na ba akong umuwi?"

"hah?"

Inginuso ko ang kamay niya sa braso ko.

"ahh yeah, sorry...sige ingat ka na lang"

"ehm.."

Buti na lang binitawan na rin niya ako. Ang sakit talaga ng pagkahawak niya sa akin, buti na lang hindi nagkapasa ang parte kung saan niya hinawakan dahil kung nangyari, patay talaga ako sa mga magulang ko!!! Di nagtagal dumating na rin ang next week. Hindi ko na nga namalayan kasi naging busy ako sa pag-aaral at sa pagprapractice para sa speech choir namin. Isinabay na rin kasi ang selebrasyon para sa buwan ng wika kaya hindi ko na talaga namamalayan ang oras. *sigh*

"Ely!!"

"ahh KC, anong ginagawa mo rito? Nagprapractice kami ng speech choir kaya pasensya ka na kung hindi ako makakatulong sa inyo"

"anong sinasabi mo?"

"huh"

Blush tuloy ako. Tumatawa na naman kasi siya eh.

"gusto ko sana malaman ang sagot mo kong kakanta ka sa popfest"

"ayy, oo nga pala! Sorry nakalimutan ko na yun naging busy kasi ako lately"

"sus, ok lang yun. So ano?"

"hah...ahm, sige na nga...pero sa last part na ng program hah"

"oo ba, Thank you!"

And you know what niyakap nanaman niya ako. Grabe I can't believe this! Niyakap nanaman niya ako! This is the second time he did it to me!!

"KC! Tawag ka ni ma'am Rose!"

"hah? Ahh,ok...sige bye Ely"

"bye din"

Kaya hayun tuluyan na siyang umalis patungo kung nasaan man si ma'am Rose. By the way ma'am din pala namin siya sa ValEd class namin.

"uyy...nakita ko yun!!!"

Natawa naman ako sa asar ni Noemi. As always ang ganda ganda niya. nakabraid ang mahabang buhok at nakakaagaw pansin ang earrings niya. nakakasilaw kasi...

"Oo nga eh! Tama nga ang sabi nila...ang bango bango ni KC"

"buang!!! Maiba nga ako, kamusta na kayo sa speech choir? Ready na ba tayo for the contest tomorrow?"

"ahh..ready na din. Kayo?"

"sus!! Yakang yakang namin yan noh! Kami pa! tingnan bukas patataubin namin sila sa chamber theater"

"hahaha...ang lakas ng confidence mo 'te ahh!!"

"siyempre...oh sige I have to go na at baka hinahanap na nila ako. Tumakas lang kasi ako sa practice namin para bumili ng meryenda"

Natawa na lang ako ulit at pinagmasdan siyang umalis.

Tapos nung magfufucos na ulit ako sa pagmememorize ng piece namin para sa speech choir ng biglang kumalam ang tiyan ko. Napatingin tuloy ako sa paligid ko.

Ganun?! Ako na lang pala ang busy sa pagmememorize hanbang ang lahat ng kasamahan ko ay abala sa pagmeryenda kaya naisip ko na ring magmeryenda na. 10:45 na rin kasi eh. Papunta na nga ako ng canteen ng biglang may bumangga sa akin sa likod ko.

"Aray ko naman!!"

"sorry! Ahh.... yung mga gamit ko!!"

Napatingin naman ako sa likoran ko upang malaman kung sino ang nakabunggo sa akin. Si Safirina Anna P. Yares pala ang nabunggo ko. Pero mas kilala siyang cry baby sa batch namin. Sobra kasing emotional!!

"Saffy, errr...ayos ka lang? tulungan na kita dyan"

Pero di naman siya nagsalita nagulat pa nga ako ng may namuo ng luha sa mga mata niya.*sigh* kinuha ko na lang ang iba niya pang gamit na nakalat sa sahig. Napatapon siguro iyon ng nabunggo niya ako.

"salamat Ely hah, ang bait mo talaga..."

"hah,ahh..wala yun! Friends naman tayo ehh. Saan ka nga pala pupunta? Sa library ba?"

Napatingin naman siya sa mga dala niyang gamit buti na nga rin at wala na ang mga luha sa mata niya ehh.

"hindi pupunta ako ng canteen bigla kasing kumalam ang sikmura ko habang nag-aaral ako para sa magaganap na quiz bee"

"ahh ganon ba? kung ganon sumabay ka na sa kin, papunta rin kasi ako ng canteen bigla rin kasi akong nagutom ng nagprapractice ako para sa speech choir"

"ayy, oo nga noh! Bukas na nga pala yun...good luck hah!"

"oo nga good luck to us!"

Napatigil kami saglit sa pag-uusap para mag-order ng kakainin namin. Nag-order kaming pareho ng ham and egg sandwich at ice tea. Pumwesto na rin kami sa pinakamalapit na mesa at kumain ng tahimik.

Habang kumakain kami di ko mapigilan ang sariling pagmasdan siya. whoops! Teka lang hah... hindi ako tibo, ok? Ang ganda ganda kasi ng nasa harapan ko ehh, As in!

Ang puti puti kasi niya tapos ang cute pa nang hairstyle niya. naalala niyo ba ang three dads and one mommy? Yung bidang babae dun, si Lizette ? kasi yung hairstyle niya ganon na ganon sa hairstyle ni Saffy kaso nga lang itim ang kulay ng buhok niya hindi brown at ang labi niya super duper pula.

Naiingit tuloy ako sa kanya....*sigh*.....

"Ely...salamat hah kasi sinamahan mo ako katulad ng dati nung second year tayo at naiwan ako sa room dahil nilock ng mga kaklase kong lalake yung pintoan"

"ahh yun ba? naalala mo pa pala yun...sus wala yun nagkataon lang na napadaan ako sa classroom niyo"

Oo nga pala magkahiwalay pala ang classroom ng star section sa Average at Regular sections at itong kausap ko ay nasa star section katunayan nga sa sobrang talino at studios pa ay siya lang ang may average na 99 sa boung batch at boung highschool. Meaning siya rin ang Valedictorian namin. Nga pala trivia ko kay Saffy, meron siyang 168 IQ level.

"oo naman noh! Kahit na nasa ibang section ka ikaw lang ang tinuring kong tunay na kaibigan kasi sinave mo ako nung gabi na yun kahit na sabi ng mga boys na wag daw akong palabasin"

Napangiti na lang ako sa sinabi niya. wala akong mareply ehh... tapos biglang nagring ang cellphone niya at grabe kasosy ng taong 'to yung pinakabagong labas na LG brand ang cp niya.

"hi ma! Ahh....ganon po ba?.....ahm sige po sasabihin ko sa kanya...bye na po ma....love you rin po...."

Kung ganon mama pala niya ang tumawag. ang sweet naman pala niyang anak nagagawa niya palang mag I love you pa sa mama niya sa cp ehh ako nga bye lang

ang nasasabi ko sa kanya, pero hindi naman siya nagrereklamo kaya siguro ok lang din sa kanya..

"sige Ely, mauna na ako hah...sana magkita pa tayo ulit"

Napangiti naman ako sa sinabi niya. aba proud ata ako na may friend na 168 ang IQ!

"Sige, ingat hah!"

03

Kinabukasan sa kompetisyon ay magkahalong excitement at kaba ang naramdaman ko. Pano ba naman third time kong sumali sa ganitong activity. At matagal ng nakalipas ang dalawa pa. siguro nga freshman pa ako nun ehh tsaka infernez ang gagaling din ng mga lower years.

But you know what? Malakas ang feeling ko na mahahakot namin ang lahat ng first place. Halos lahat kasi ng nakakabinging palakpak ay sa amin lang ibinibigay sa 'twing matatapos kaming magperform....

Nakaupo na ako sa mga nakabakanteng silya sa assign seats ng fourth year ng may kumalabit sa akin.

"uyyy,pards!!!"

"ahh...ikaw pala BM"

"I see nag perform ka pala, panalo ba tayo?"

Obviously hindi niya alam ang nangyayari. Siguro nakipag-away na naman siya. hmmm...halata nga may dugo pa kasing tumulo sa dulo ng kissable lips niya. hah!! What?! Kissable lips? Ano ba naman ako!!!

"ahm, wala pa naman...teka saan ka pupunta? Di mo ba hihintayin ang announcement ng kung sinong mananalo?"

"hindi na..wala rin naman akong mapapala kung tayo din ang mananalo"

"hahhh...ahh baba..."

Oh well nakalabas na rin siya sa performing hall namin kaya hindi ko na lang siya papansinin. Di nagtagal naannounce na rin ang mga nanalo at kaming mga fourth year ang nanalo overall. Kitam! Tama ang feeling ko di ba.

Matapos ang competition ay nagbalik nanaman ang attention ng lahat sa Pop festival habang ang iba namang estudyante tulad ni Noemi ay naghahanda naman para sa Intramurals at ang ing iba naman ay nagbabasa na lang lessons para sa mga quizzes na tiyak na ibibigay ng professors namin pero ako, mas pinili ko na lang na manghiram ng gitara at kumanta sa isang tabi para naman hindi ako makatulog sa nakakaantok na hapon na 'toh!

I don't know but
I think I maybe
Fallin' for you
Dropping so quickly
Maybe I should
Keep this to myself
Waiting 'til I
Know you better

I am trying
Not to tell you
But I want to
I'm scared of what you'll say
So I'm hiding what I'm feeling
But I'm tired of
Holding this inside my head

I've been spending all my time
Just thinking about ya
I don't know where to
I think I'm fallin' for you
I've been waiting all my life
And now I found ya
I don't know where to
I think I'm fallin' for you
I'm fallin' for you

As I'm standing here
And you hold my hand
Pull me towards you
And we start to dance
All around us

I see nobody
Here in silence
It's just you and me

I'm trying
Not to tell you
But I want to
I'm scared of what you'll say
So I'm hiding what I'm feeling
But I'm tired of
Holding this inside my head

I've been spending all my time
Just thinking about ya
I don't know where to
I think I'm fallin' for you
I've been waiting all my life
And now I found ya
I don't know where to
I think I'm fallin' for you
I'm fallin' for you

Oh I just can't take it
My heart is racing
The emotions keep spinning out

I've been spending all my time
Just thinking about ya
I don't know where to
I think I'm fallin' for you
I've been waiting all my life
And now I found ya
I don't know where to
I think I'm fallin' for you
I'm fallin' for you
I think I'm fallin' for you

I can't stop thinking about it

I want you all around me
And now I just can't hide it
I think I'm fallin' for you (x2)

I'm fallin' for you
Ooohhh
Oh no no
Oooooohhh
Oh I'm fallin' for you

(Colbie Caillat Fallin' For You lyrics)

“Wow naman!!”

“ahh, KC! Kanina ka pa dyan?”

“oo...ngayon ko lang nadinig nang bou young boses mo. Ang ganda pala talaga...”

Napablush naman ako sa sinabi niya. sa totoo lang habang kinakanta ko yong Fallin' for you, iniisip ko siya. hindi ko nga alam kung bakit basta bigla na lang lumabas ang gwapo niyang mukha sa isip ko.

“thanks...ahh teka di ba basketball player ka? Wala ba kayong practice ngayon?”

“kakatapos lang namin kanina. Meron pa nga ata ngayon kaya lang nagpass muna kasi alam mo na busy sa pop fest, panukala ko kasi yun ehh”

“gan....”

Kaya lang di ko na natapos kasi may tumawag na estudyante sa kanya na hinahanap daw siya sa principal's office.

“ok....maiwan na kita hah, good luck!”

Tumango lang ako at pinagmasdan siyang makaalis na.

sigh

“may talent ka pala sa pagkanta...”

“ahh!!!BM ano ka ba nanggugulat ka ba?!”

Pano ba naman ako hindi magugulat sa kanya? bigla na lang siyang nagsalita sa likod ko ehh, ang pagkakaalam ko nag-iisa lang ako sa room.

"uyy...BM! Teka saan ka pupunta hah?"

"basta...siya nga pala next time kung kakanta ka siguraduhin mo munang walang taong natutulog"

Ano daw? Pero ang pagkakaalam ko ako lang tao dito. Oh well bahala na nga siyang umalis at for sure maghahanap na naman siya ng sakit ng katawan.

Di nagtagal ay Pop Festival na rin. Lahat nga ata nang makakasalubong kong tao ay super excited na para sa mga magaganap na activites. Kaya lang hindi ko ata kayang mahawa sa excitement nila ehh...kinakabahan kasi ako ng todo todo. Remember? Ngayon na rin yung araw na kakanta ako sa harap ng maraming tao. gulp! Parang gusto ko na atang umatras na magperform....

"Ely, ayos ka lang ba? wag mo sabihing gusto mo nang magback-out..."

"oo ay este kinakabahan lang ako. First time ko kasing kakanta sa harap ng maraming tao"

Tumawa naman siya sa sinabi ko habang di ko na naman napigilan ang sarili kong magblush ng todo todo. Siguro dahil na rin sa ang super gwapo niya ngayon o dahil sa tumatawa na naman siya at lumilitaw ang cute niyang dimples.

Napakapit tuloy ako ng mahigpit sa gitara ko.

"ikaw talaga... kaya mo yan! Wag kang magpakain sa hiya mo...maging confident ka lang tulad ng lagi mong ginagawa. Na para bang wala lang sa'yo kung kumanta sa stage. Wala naman silang magagawa kasi ikaw ang nasa stage at ang Gawain lang nila ay ang manood sa'yo"

"pero pano kung magboo sila?"

"boo?! I don't think so...maganda ang boses mo noh! Oh yan hah, galing pa sa sikat na vocalist ng university natin ang nagcompliment pa sa'yo kaya wag ka nang manerbyos diyan, ok?"

Wow, ang sweet mo naman KC...

"thanks..."

"your welcome"

Di ko nanaman mapigilang bumuntong hininga habang pinagmamasdan siyang umalis. KC just made my day today... ang sweet sweet niya talaga. Hindi ko nga alam kong bakit habang sinasabi niya yon ay parang nasa heaven na ako.

Alam niyo ba...si KC lang talaga ang crush ko na nakatagal sa akin. I mean meron din naman akong ibang crush kaya lang hindi sila tumatagal. Hindi katulad ng kay KC na nung una ko palang siyang nakita ay naging CRUSH ko na siya kaagad.

First year pa lang ako nun. Bagohan sa university, hindi kasi ako nag-elementary sa university na 'to kaya hindi ko alam kung saan ang building ng mga highschool. Busy pa rin ako sa paghahanap ng may isang guy na lumapit sa akin.

Nabigla pa nga ako yung lumapit siya kasi ang gwapo gwapo niya. hindi pa nga ako makapaniwala na may ganito palang kagwapong nilalang sa lugar namin.

“ano, ahm...ayos ka lang ba?”

“hah?! Ahh...honestly hindi ehh. Kanina ko pa kasi hinahanap ang highschool building kaya lang kanina ko pa ring hindi nakikita...”

Tapos ngumite siya at binigyan ako ng lollipop, uyy chupachoops pa!! napansin ko ring kanina pa pala niyang hawak hawak yun sa kaliwang kamay niya.

“parehas pala tayo! Hindi ko rin kasi alam kung nasaan ang highschool building ehh, gusto mo magtanong tanong tayo?”

Sa sinabi niyang yun ay tomodo ang blush ko at tumango sa kanya.

sigh

Pero hindi lang dyan ang icoconfide ko sa inyo. Yong JS namin domuble ang paghanga ko sa kanya ng iniwan ako sa ere ng partner ko.

Grabe talaga ang inis ko sa lalaking yun!!! Bigla na lang akong sinabihan na ayaw na raw niya akong makapartner dahil lang sa pumayag na ang crush niya na gawin na siyang partner niya!!! ehh two days left to go na lang bago ang prom night namin...sino naman kaya ang mahahagilap ko sa dalawang araw na yun?!!!

“uyy...Ely?! Asan ang partner mo? Di ba si Gilbert yun? Oh bakit di pa kayo nagprapractice?”

Nakatalikod ako sa kanya habang nakaupo na yakap ang dalawa kong binti. Medyo nagulat pa nga ako ng narinig ko ang boses niya ehh. Tapos nung hinirap ko siya lalong lumala ang kilig ko. Andun nga siya nakatayo at nakapameywang pa and ang astig niyang tingnan dahil sa sout niyang cap.

“Eh pano naman ako magprapractice kung bigla na lang niya akong iniwan sa ere?! Tingnan mo nga siya oh!!!”

Sabay turo sa kinaroroonan nina Gilbert at ng crush niyang senior na nagprapractice ng waltz

"pinalit na lang akong basta sa crush niya!! pano na ako ngayon yan? Tapos ayaw niya rin akong iescort!!!"

"ganon ba..."

Tapos biglang nag-iba yung porma niya, inilagay niya yung kamay niya sa baba niya at ang isa naman ay nasa noo niya. para bang mayroon siyang iniisip.

Pero bigla akong nagulat at nagblush ng ngumite siya at tinanggal ang sout niyang cap at nagbow sa harapan ko. Yung parang ginagawa ng mga prinsipe sa prinsesa kung gusto niyang isayaw ito.

Grabe super blush talaga ako!!! Sana nga hindi mapansin ehh....

"ahh...KC ano ba yang g-ginagawa mo?"

"pwede ba na ako na lang ang magescort sa'yo at isesecond dance na lang din kita. Para naman lahat ng girls ay sasayaw"

"s-sure ka? Baka magalit ang partner mo?"

"hindi yan ahh...ano payag ka na"

KC, wag mo akong titigan ng ganyan kung ayaw mong malusaw ako sa sobrang kilig!!!!

"s-sige ba!!"

Busy pa rin ako sa pagrereminisce ng mga kilig moments ko with KC nung JS ng bigla na lang may tumulak sa akin kaya napaoutbalance ako buti na nga lang at may sumalo sa akin ehh!!! Ang lakas kasi ng pagkatulak sa akin...

Pero bakit ganon na lang ang feeling ko ng maface to face ko si BM?! Teka si BM!!! Wait siya ba ang nakasave sa akin?!

Tapos narealize ko na lang na yung ayos namin pareho ay iyong step sa sayaw ng tango kung saan magkatinginan kayo ng partner niyo. Yun nga lang hawak ko parin pala ang gitara ko na nakapagitan saming dalawa.

"Pards...ayos ka lang?"

Gulp! Bakit di ko magawang magsalita sa kanya?!!! atsaka bakit ang gwapo gwapo mo BM?!!

“Pards?”

“ahh...sa-salamat BM...pwe-pwede mo na akong bitawan...”

BM!! Pwede ba kumilos ka na and stop staring at me!!!! Nakakakilig masyado....!!!

“BM?...”

“ahh..sorry pare...”

Tapos nun inayos muna niya ang pwesto namin at binitawan ang pagkayakap sa akin pero yung time na yun ang nasa isip ko lang na hindi pa rin pala narerealize ni BM na hindi talaga ako tibo. Hindi ko nga alam kung ano ang nagtulak sa akin na sabihin sa kanya ang nasa isip ko.

Isa pa can't he see nakapigtail ako tapos may make-up rin... hindi pa ba yun obvious o dahil sa naka simpleng white shirt at jeans na naka chucks ako? Tapos GIRL 'TO! Pa ang statement ng shirt ko...

sigh

“BM...gusto ko lang malaman mo na hindi totoo ang mga asar sa akin na tibo ako, ok? Wag mo sana akong jumbagin pls...”

Napapikit pa nga ako kasi nga baka hindi siya makinig sa pakiusap ko at jumbagin ang lafez ko eh pero pagmulat ko ng mata ay wala na siya. hindi ko nga alam kung asan na yun pero atleast hindi nasira ang mukha ko...

Salamat naman!!!

04

Siguro mga ten minutes din ang hinintay ng bounng highschool students at faculty members bago nagsimula ang program. Ang lakas nga ng hiyawan ng tumugtog ang banda ni KC eh... 5 stars ang tawag sa banda niya. ang paliwanag niya kung bakit ganun yung name ng band nila ay dahil lima raw sila sa banda na puro mga gwapo. Tumawa pa nga ako noon eh...

Ngunit kumunot lang ang noo ko habang pinapanood sila. Ehh kasi imbes na si Clark ng regular class ang lead guitarist....(ang super cute din ng taong yun!! Star player siya sa football team ng university!!!!)....ay si BM ang nakasalang dun....Kung ganun tumutogtog din pala siya ng gitara.

Sa katumuyan nga eh mababasag na ang eardrums ko sa tili ng mga babae na nasa paligid ko eh.

So she said what's the problem baby

What's the problem I don't know

Well maybe I'm inlove (love)

Think about it every time

I think about it

Can't stop thinking about it

Oh... so Accidentally in love pala ang first song nila. Love it! tamang tama lang sa mood ko ngayon dahil parang gusto ko na rin gumaya sa mga girlaloo na tumitili kay KC na nagheheadbang pa...

Come on come on

Turn a little faster

Come on come on

The world will follow after

Come on come on

Cause everybody is after love...

This time napatili na ako yun nga lang natabonan na ng mga mas malalakas pa na tili ng mga tao sa paligid ko. Pati pa nga ata mga bading eh tumitili na rin. Hayun kumanta pa sila at nakikanta na rin ako...ay di rin pala ako meron pang iba.

.....Come on come on

Spin a little tighter

Come on come on

And the worlds a little brighter

Come on come on

just get yourself inside her love

I'm in love...

Pagtapos na pagtapos ng kanta ay agad na nagmore ang mga audience including me sa kanila. Pinagbigyan din nila kami at kumanta naman sila ng opm.

“oo nga pala bago ko sisimulan ang kanta...I just want to dedicate this song to my crush!”

Huh? Crush?! Teka may crush si KC? OMG!!! Sino naman kaya ang babaeng yun at kukulamin ko?!!!!

“sira... Sa akin po galing yung sinabi ni KC!! Para ‘toh kay sey-sey!!!”

Si Wacky pala yun, yung drummer ng banda na galing sa star section(nga pala hindi lang matalino ang lalaking ‘toh, kung di tall,dark and handsome din...) at iyong tinutukoy niyang si sey-sey ay pinsan ni Noemi na naging friend ko na taga regular class pero ubod naman ng ganda at bait.

Anywayz... mabuti na lang at hindi galing kay KC yung dedication na yun!!! Kinabahan talaga ako dun ehh...may aagaw pa pala sa pantasya ko.

Labis akong nahuhumaling

Sabik sa bawat sandaling

Ika’y makapiling

Giliw,hayaang lumapit

Wag mo sanang ipagkait

Mamalas ang langit

Anung nadarama

Tuwing nakikita kang dumarating

Tuliro, di malaman ang gagawin

At walang sinumang

Makapipigil sa akin

At wala ng ibang makapagbabago

ng aking isip sa’yo

napakanta ulit ako sa song nila. Tuliro by spongecola....ang lakas pala talaga ng tama ni Wacky kay sey-sey! Natutuliro pala siya dito... buti na lang at hindi ako napapatuliro

kay KC.....wait hindi ba talaga ako natutuliro sa kanya? ang sure ko lang sasabog ako sa tuwa at kilig pagnakikita ko siya at nakakausap

.....anung nadarama sa ngayon

At nandirito ka sa king tabi

Tuliro, di malaman ang gagawin at

Walang sinumang makapagbabago ng aking isip...

Sa'yo...(sa'yo)

Tu ru tot...

(li ro li ro...)

Nagmore pa ulit ang mga tao including me pero hindi na sila pumayag ulit.

“pasensya na po pero pagbigyan na lang po natin ang susunod na banda...”

Pagtapos nun ay umalis na sila ng stage at tinawag na ng mc ang susunod na banda...I think galing ata sa sophomore hindi ko na kasi gaanong pinansin kasi bigla akong kinabahan... di magtatagal ako na ang kakanta sa harapan...errr...magugustuhan kaya nila ang pagkanta ko? O yung song ko..will they like it?

“Ely! magpeperform ka ba?”

“uhh, saffy kaw pala...ahh he he he oo nga ehh, sana walang magboo sakin...”

“wow! Anong kakantahin mo?”

“ahh...one of the boys”

“ahh yung kay Katty Perry, pero bakit yon...wait may gusto kang patunayan no”

“hah..ahh..medyo ganun. Actually si Noemi yung nagsuggest na kantahin ko yun para daw tumigil na yung tsismis na tibo ako. Masyado na raw kasi lumalala yung issue na yun ehh”

“ganun...”

“Uyy, Ely!! Kanina pa kita hinahanap”

“bakit naman?”

"siyempre para sa moral support! Hi Saffy!"

"hi din Noemi..."

"hindi ko akalain na makikita kita dito...kadalasan kasi nasa bleachers yung mga matatalino"

Oo nga pala nasa loob pala kami ng gym buti na nga lang at windy ang weather kaya hindi mainit...

"ganun ba...nagsawa na kasi ako sa panood sa bleachers. isa pa gusto ko ang feel dito"

"talaga lang! mas mafefeel mo ang saya dito kasi mukhang ang seseryo nila ehh"

Sabay turo pa sa may bleachers. Tumawa naman si saffy sa ginawa ni Noemi tapos sa kin nanaman siya bumaling.

"teka bakit ka ng pigtails? Di ba ang sabi ko mag bahaghag ka?"

"Noemi naman, ayos na 'tong buhok ko 'noh atsaka nagmake-up na rin naman ako kaya ayos na 'to"

"hmmpp...pero mas maganda sana...."

"Noemi! Heto na yung drinks mo oh"

Buti naman at dumating si seysey na may dalang drinks. Pansin ko rin na naging magheight sila ni Noemi ng lumapit siya dito, nagsout pala siya ng heels. Yung pink pump toe heels... mukhang prada nga ehh...tsaka pareho din pala silang naka skirt.

Siya ay nakapuffy at si Noemi naman ay nakadenim skirt na hanggang kalahati ng tuhod nila. They were also wearing a bench shirt with different color. Si Noemi ay grey at si Seysey naman white yun nga lang may ribbon pa siya sa leeg.

Parang tuloy silang bida ng gossip girl, Siyempre si Noemi si Serena vander woodsen....

"tnx ,Sey!"

"ikaw ba yung girl na crush ni Wacky?"

"hah?!"

"uyy blush siya!!"

Ano ba yun sabay pa kami ni Noemi kaya hayun nagkatawanan tuloy kami, pati silang dalawa din naki tawa na rin sa amin

"si Wacky naman kasi ehh...sabi ko naman sa kanya na wag niya ng idedicate yung song sa kin..."

"bakit naman? Kakilig nga ehh...nanliligaw na ba yun sa'yo?"

Bigla naman nanlaki ang mga mata ni Seysey sa sinabi ni Noemi...parang hindi makapaniwala pero halata naman ang pagkapula lalo ng cheeks niya...

"hindi ahh!!! Tsaka ayaw ko ngang manligaw yun sa kin...makamanliit lang ako sa kanya noh...ni hindi ko nga alam kung pano niya ko naging crush gayong malayo ang classrooms namin at sections pa noh!!"

"hmmm...pero kinilig din naman siya, halata ohh..."

At turo pa sa namuong blushes sa cheeks ni Seysey

Nagkatawanan ulit kami. Tapos ay nagkwentohan pa kami nang kung ano ano hanggang magpaalam na silang tatlo sa akin na may iba't ibang paalam

"sige maiwan ko muna kayo at pupunta lang ako sa bleachers...kanina pa kasi sumesenyas ang mga kaklase ko na pumunta ako sa kanila ehh.."

"sige.."

"ahh kami rin Ely pero wag kang mag-alala babalik kami sa saktong kakanta promise talaga hah.... Bye!"

Tiningnan ko na lang sila na makalayo sa kin. nag-iisa naman ako kaya hindi ko nanaman napigilan ang sariling kabahan at mag-isip ng kung ano ano hanggang sa may bigla na lang bumulong sa akin.

"hoy..ikaw na ang magpeperform, galingan mo hah.."

Paglingon ko, napanose to nose ako kay BM...yayyyy!! Ang sobrang close naman niya sakin...at infairnez ang ganda ng skin niya...napagrin pa nga siya ehh at hindi ko alam kung bakit pero parang may naramdaman akong kakaiba

"osige na...pumunta ka na dun at tinatawag ka na ni KC"

"o-ok"

Tapos naglakad na rin ako para puntahan si KC. Once again bigla naman akong kinilig.

"buti naman at nandito ka na, kanina ka pa tinatawag na kumanta na sa stage eh..."

Papaakyat na sana ako ng bigla niyang hawakan ang kamay ko para pigilan ako sa pag-akyat...eeiiii!!!

"ba-bakit?"

"yung buhok mo magulo ang pagkakaayos...abe na"

Tapos lumapit siya sa kin at hinawakan ang tali ng pigtails ko.... Gosh super blush to da max na ata ang face ko...

"alam ko na tanggalin na lang natin ang mga ito"

